CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Disyembre 29, 2020

Para sa Agarang Pahayag

Nag-isyu ang Lungsod ng Long Beach ng Mahalagang Mensahe para sa Piyesta Opisyal Upang Manatili sa Tahanan at Manatiling Ligtas sa Katapusang Linggo ng Bagong Taon

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach, bilang bahagi ng Public Health Alliance of Southern California, na kinabibilangan din ng Orange County, Riverside County, San Bernardino County at anim na iba pang hurisdiksyon sa kalusugan, ay naglalabas ng isang mahalagang mensahe sa piyesta opisyal para sa publiko na manatili sa bahay at manatiling ligtas sa katapusan ng linggo ng Bagong Taon. Habang ang pamamahagi ng bakuna ay isang napaka-positibong pag-unlad, ang susunod na ilang linggo at buwan ay kritikal. Sa dami ng mga kaso, pagkamatay, pagpapa-ospital bawat araw, ang mga sistema ng kalusugan sa buong rehiyon ay napupuno.

Upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 sa pambihirang panahon ng pagtaas ng mga kaso, dapat sundin ng komunidad ang mabisa, batay sa katotohanan na mga hakbang sa kalusugan ng publiko kabilang ang: pagsunod sa Utos sa Kalusugan na Masligtas sa Tahanan, pagsusuot ng mga panakip ng mukha, paghuhugas ng kamay, pagsasagawa ng pisikal na pagdidistansya at paglalakbay lamang kung kinakailangan. Maraming mga tao ang kumakalat ng virus nang hindi nila alam — higit sa 50% ng mga pagkakalantad ay nagmula sa mga taong walang sintomas.

Ang mga tao ay dapat manatili sa bahay maliban kung kinakailangan upang magsagawa ng mahahalagang aktibidad. Ang mga pagtitipon ng mga indibidwal mula sa iba't ibang mga sambahayan ay nagdudulot ng isang malaking peligro sa paghahatid ng virus sa komunidad. Kapag nagsasagawa ng mahahalagang aktibidad dapat magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakan ng distansya mula sa ibang indibidwal na hindi kasama sa parehong sambahayan; magsuot ng panakip ng mukha

na sumasakop sa parehong ilong at bibig; madalas maghugas ng mga kamay; at disimpektahin ang mga madalas na hawakan na mga ibabaw.

Habang kritikal ang pananatili sa bahay ngayong kapaskuhan upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19 at makasagip ng buhay, hinihikayat ng Lungsod ang mga tao na maghanap ng mga alternatibong paraan upang makisalamuha sa iba at ligtas na magdiwang tulad ng pagkonekta sa pamilya at mga kaibigan nang virtual; pagho-host ng piyesta ng Bisperas ng Bagong Taon sa video; dalasan ang pagtawag sa telepono sa taong ito; pagbabahagi ng mga litrato at video ng iyong pagdiriwang sa isang group chat; at pakikilahok sa isang aktibidad ng pasasalamat.

Ang virus ay kumakalat sa lahat ng mga rehiyon ng California, at ang bawat isa ay may personal at sama-samang responsibilidad upang mapabagal ang pagkalat ng pandemya at matanggal ang virus sa lalong madalang panahon upang magkaroon tayo ng mas maliwanag at malusog na 2021.

Para sa karagdagang impormasyon at mga tip sa pagiging ligtas sa panahon ng piyesta opisyal, tingnan ang Patnubay para sa Pagdiriwang ng Mga Piyesta Opisyal sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) ng Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###